

WASHINGTON STATE DEPARTMENT OF HEALTH

PLANO PARA SA PAGBABAGO

ISANG BISYONG PARA SA KALUSUGAN SA ESTADO NG WASHINGTON



MGA SALIGANG BAGAY NA PINAPAHALAGAHAN:

PAGKAKAPANTAY-PANTAY • INOBASYON • PAKIKILAHOK

BISYON: PAGKAKAPANTAY-PANTAY AT PINAKAMABUTING
KALUSUGAN PARA SA LAHAT

Ang **Plano para sa Pagbabago** ng Washington State Department of Health (Kagawaran ng Kalusugan ng Estado ng Washington) ay nagpapatibay sa aming paninindigan sa kalusugan para sa lahat — na gumagawa ng mga patakaran at kondisyon upang makapamuhay ang lahat sa pinakamabuting paraan. Hindi namin ito maisasakatuparan nang mag-isa. Kailangan naming makipagtulungan sa mga komunidad, organisasyon sa komunidad, lokal na entidad ng pampublikong kalusugan, kaakibat sa gobyerno, provider at sistema ng pangangalagang pangkalusugan, pribadong sektor, Tribal Nations (Mga Tribong Nasyon), at maraming marami pang iba. Para sa maliwanag at matatag na kinabukasan, mahalagang maisali namin ang mga bagay na pinapahalagahan ng aming ahensiya sa kung paano namin binabago ang aming mga serbisyo, isinasagawa ang aming mga aktibidad, at pinapagtibay ang pangunahin naming trabaho.

Alam namin na ang aming mga saligang bagay na pinapahalagahan na **Equity, Innovation, and Engagement (EIE, Pagkakapantay-pantay, Inobasyon, at Pakikilahok)** ay mga pangunahing batayan para sa paghubog sa ating kinabukasan. Ang aming bisyon para sa bawat priyoridad batay sa estratehiya ay dapat maipakita sa aming mga inaaksiyunang pagbabago ang kung “ano” ang pinagsisikapan namin at ang mga pangunahing halimbawa kung “paano” namin gagawin ang aming trabaho. Habang hindi ito malawakang listahan ng lahat ng kasalukuyan naming ginagawa o planong gawin, ibinibigay nito ang aming roadmap kung paano at saan namin pangunahing inilalaan ang aming mga pagsisikap. Bukod pa rito, matapang nitong isinasalugar ang aming ahensiya sa tuloy-tuloy na nagbabagong kinabukasan na kinakaharap natin!

ANG AMING MGA PRIYORIDAD AT BISYON PARA SA PAGBABAGO SA LARANGAN NG KALUSUGAN



I. KALUSUGAN AT KABUTIHAN

Ang lahat ng Washingtonian ay may oportunidad na makamit ang kanilang ganap na potensiyal sa kalusugang pisikal, mental, at sosyal, at sa mabuting kapakanan.



II. PAGBABAGO SA MGA SISTEMA AT LAKAS-PAGGAWA PARA SA KALUSUGAN

Ang lahat ng Washingtonian ay napaglilingkuran nang mabuti ng isang ecosystem ng kalusugan na matatag at nakakatugon, habang isinusulong ang pagiging matapat, patas, at mapagkakatiwalaan.



III. KALUSUGANG PANGKAPALIGIRAN

Ang lahat ng Washingtonian ay magtatagumpay sa malawak na hanay ng maaayos na kapaligiran — likas, itinayo, at panlipunan.



IV. PAGTUGON SA EMERGENCY AT KATATAGAN

Ang lahat ng komunidad ng Washington ay may mga impormasyon at resource na kailangan nila upang maging matatag sa harap ng maraming banta sa pampublikong kalusugan at nasa tamang lugar para makapaghanda, makatugon, at makabangon mula sa mga emergency at likas na sakuna.



V. PANDAIGDIGAN AT NAGKAKAISANG KALUSUGAN

Ang lahat ng Washingtonian ay nakatira sa mga magkakaugnay na kapaligirang kumikilala at nakikinabang sa pinagkapareho ng pandaigdigang at domestikong kalusugan pati na rin sa mga ugnayan ng mga tao, hayop, at kapaligiran.

MGA INAAKSIYUNANG PAGBABAGO



INOBYASYON AT
TEKNOLOHIYA



NAKASENTRONG SA
KOMUNIDAD



PAGPAPAKITA AT
PAGPAPAHALAGA



NAKATUON SA
PAGKAKAPANTAY-
PANTAY



PAKIKILAHOK PARA
MAKIPAGTULUNGAN



Sa ngalan ng Washington State Department of Health (DOH), ikinagagalak kong ipahayag ang **Plano para sa Pagbabago: Isang Bisyong para sa Kalusugan sa Estado ng Washington** ng aming ahensiya.

Sa dokumentong ito, makakakita ka ng limang Priyoridad para sa aming ahensiya na may anim na Estratehiya sa ilalim ng bawat isa (30 sa kabuuan) na magsisilbing batayan para sa gagawin ng aming ahensiya tungo sa pagbabago sa loob ng susunod na ilang taon.

Habang marami sa gawaing ito ang nasimulan na, nagbibigay ang dokumentong ito sa aming ahensiya ng oportunidad na iayon ang trabaho namin sa bisyong hangad ng mga salita ni Gobernador Jay Inslee sa kanyang inagurasyon noong 2021 nang hiniling niya sa ating lahat na “baguhin ang isip tungkol sa pampublikong kalusugan.”

Alam naming mahirap baguhin ang isip tungkol sa kalusugan ngayong humaharap tayo sa napakaraming hamon. Gayunpaman, tungkulin naming tumugon, at hindi lang tumugon, kundi pagbutihin pa ang aming ginagawa at paalalahanan ang bawat isa sa atin na tayo ay nagkakaisa. Kasabay nito, kailangan din naming isulong ang “3Vs” ng pampublikong kalusugan.

Makikita mo sa dokumentong ito ang resulta ng maraming talakayan — na ginawa nang internal o kasama ang aming mga kaakibat, sa paraang impormal man o pormal, sa loob o labas ng estado — na nagbigay sa team namin ng mga pananaw sa daan tungo sa pagsulong sa “kalusugan” sa ating estado para sa hinaharap.

Alam namin na hindi matutugunan ng dokumentong ito ang lahat ng bagay para sa lahat ng tao, at hindi rin iyon ang layunin nito. Sa halip, nagbibigay ito sa aming ahensiya ng direksiyon kung paano namin isinasapriyoridad ang aming trabaho, batay sa mga saligang bagay na pinapahalagahan namin gaya ng **Equity, Innovation, and Engagement (EIE)** bilang sentro ng aming trabaho.

Sa ilang pagkakataon, mabibigyan kami nito ng oportunidad na mapag-aralan nang mabuti ang kasalukuyan naming ginagawa at isaalang-alang ang makukuhang benepisyo kung ipagpapatuloy ang gawaing iyon. Sa iba pang sitwasyon, walang dudang mapapatotohanan nito ang aming trabaho at mabibigyan kami ng inspirasyon na mapalawak pa namin ito. Ito ang ibig sabihin ng “pagbabago ng isip tungkol sa kalusugan.”

Bago magtapos, nais kong pasalamatan ang napakaraming kaakibat at kasamahan na tumulong sa amin sa planong ito at ang team sa DOH na may kahanga-hangang sipag na nagpahintulot sa aming magpatuloy sa trabahong ito habang nakikipaglaban sa pandemya. At, isang espesyal na pagbati sa aming subcabinet sa Health and Human Services (HHS, Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao) at iba pang ahensiya ng estado na may mahalagang tungkulin para sa pagsulong ng gawaing ito.

Ngayon na ang simula ng mahirap na trabaho — aaksiyunan na ang mga nakasulat na salita. Pero kung tayo ay sama-sama, may kumpiyansa kaming magagawa namin ito!

Taos-puso,

Umair A. Shah, MD, MPH

Kalihin ng Kalusugan
The Great State of Washington

Ipinapakita sa **Plano para sa Pagbabago** na ito ang kinabukasan nating lahat. Hindi madaling ibigay ang mga pangangailangan sa kalusugan ng halos 8 milyong Washingtonian na nagkalat sa mahigit 71,000 square miles na lupaing may nakakamanghang ganda at pagkakaiba-iba. Ito ang mismong dahilan kung bakit hindi namin planong gawin ito nang kami-kami lang.

Naninindigan kami sa pakikipagtulungan sa mga komunidad at kaakibat. Magsisilbi kami bilang tagapagsulong ng **“ecosystem ng kalusugan”** na isang malawakang landscape ng mga kaakibat at tagaimpluwensiya sa larangan ng kalusugan sa mga antas na lokal, pang-estado, at pambansa: pampublikong kalusugan, pangangalagang pangkalusugan, mga kaakibat sa gobyerno at pribadong institusyon, Tribal Nations, at marami pang ibang kaakibat na nagtatrabaho o kumikilos sa paraang nakakaapekto at nakakaimpluwensiya sa kalusugan. Ang pinakamahalaga, ang aming mga kaakibat ay mga karaniwang Washingtonian.

Sa kabila ng bago at mapanghamong panahon sa pagtugon sa mga pangangailangan sa kalusugan ng mga Washingtonian dahil sa COVID-19, bilang isang estado, nagampanan natin ang ating tungkulin, nakapagligtas tayo ng buhay, gumamit ng mga inobasyon, at nakipagtulungan upang **mapalakas ang mga komunidad** at mabago ang ating paraan ng pagtingin sa kalusugan para matugunan ang mga pangangailangan sa hinaharap.

Sa pagsasaalang-alang namin sa iba pang bagay bukod sa COVID-19, layunin naming harapin ang aming trabaho nang may ganoon ding paraan ng pagiging maagap, mabilis, at makabago na mahalaga sa paglaban sa pandemya. Isasalaysay namin ang aming kuwento dahil ang aming kuwento ay **kuwento ng mga tao at ng mga komunidad sa Washington**. Kasabay nito, ipapakita namin ang epekto ng aming larangan upang kilalanin at tanggapin ng iba ang makabuluhang tungkulin ng pampublikong kalusugan sa ating pang-araw-araw na buhay. Isasabuhay namin ang pananaw ng **“3Vs”** at daragdagan ang **Visibility** (Pagpapakita) ng pampublikong kalusugan, na magpapakita ng **Value** (Pagpapahalaga), at bubuo ng tiwala at **Validation** (Pagpapatotoo) sa aming trabaho at sa epekto nito.

Patuloy naming itataguyod at payayabungin ang pakikipagtulungan sa mga dati na naming nakatrabaho at sa mga bagong ngayon pa lang namin nakakaugnayan upang makakuha ng lakas ang ecosystem ng kalusugan mula sa ating nagkakaisang pagsisikap para pagbutihin ang kalusugan. Itatag at pamumunuan namin ang mga ugnayang nagpapakita sa mahalagang pagsasama-sama ng napakaraming kaakibat. Ang aming pinagsasaluhang **paninindigan sa kalusugan at kapakanan** ay ang pundasyon para sa pagtutulungan sa hinaharap. Nang may maraming hamong naghahintay sa ating lahat — mula sa kalusugan sa reproductive hanggang sa klima, opioids at sa pagtugon sa mga panlipunang salik na nakakaapekto sa kalusugan — kailangan nating kumilos nang mahusay para matugunan ang mga ito. Ang susunod na trabaho ay sadyang napakahalaga para gawin nang mag-isa.

Ginagawa ng planong ito ang **aming roadmap** para sa pagbuo ng maaayos na komunidad na puno ng matatatag na tao. Magagawa natin ito sa pamamagitan ng pag-iwas sa pagkakasakit at pagkapinsala, pagsasamoderno sa lupon ng mga sistema, pagtugon sa mga pangangailangan sa kalusugan, at pagtulong sa mga kaugnay na pangangailangang panlipunan ng lahat ng Washingtonian. Sa pamamagitan ng mga makabuluhang pagsisikap na nailunsad na tulad ng **Pro-Equity Anti-Racism (PEAR) initiative** (inisyastibang Para sa Pagkakapantay-pantay, Laban sa Rasismo) ni Gobernador Inslee o ng pamumuhunan ng Lehislatura sa **Foundational Public Health Services** (Mga Pangunahing Serbisyo ng Pampublikong Kalusugan), ipapakita namin ang aming paninindigang baguhin ang kalusugan ng mga komunidad habang tinutugunan din ang mga hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan na nailantad ng pandemyang ito. Sa pagtiyak na nakapaloob ang mga prinsipyo ng pagkakapantay-pantay, pagiging patas, at pagkakaroon ng katarungan sa aming mga aktibidad, maghahanap kami ng mga solusyong may malaking epekto at nasusukat sa mga isyung kumplikado at batay sa kasaysayan sa kadalasan, na pumipigil na magkaroon ng patas na access sa kalusugan at sa pangangalagang pangkalusugan.

ipinagpapatuloy sa page 2

Ang aming bisyon para sa isang **modernisadong sistema ng pampublikong kalusugan** ay makapaglingkod sa mga komunidad sa tulong ng mga kakayahan at kasangkapang lumilintang sa kakahayan nitong magtagumpay at patas na nasusuportahan ng lakas-paggawang matatag, sinanay nang mabuti, at may kapasidad na suportado at mapagkakatiwalaan. Maghahatid kami ng mga bagong pamamaraan para mapabuti ang kalusugan sa tulong ng mga bagong modelo ng inobasyon, mga pangunahing daan tungo sa pakikilahok at pakikipag-ugnayan, pagsulong sa pangkalahatang kalusugan ng tao, at sa pagtukoy, pag-iwas, at pagtugon sa iba't ibang sakit at kondisyon. Ipagpapatuloy at susuportahan namin ang mga bagong modelo ng pangangalaga at makabagong teknolohiyang pansuporta sa access sa kailangan na kalusugang mental, emosyonal, at pisikal.

Dahil hindi kailanman natatapos ang trabaho ng pampublikong kalusugan, mananatili kaming naninindigan at handa para sa mga banta sa pampublikong kalusugan sa hinaharap — mula sa mga sakunang likas o gawa ng tao, emergency kaugnay ng nakakahawang sakit, at epektong may kinalaman sa kapaligiran at klima. **Poprotektahan namin ang aming mga komunidad** laban sa banta ng mga vector-borne at iba pang nakakahawang sakit, pati na rin sa epekto ng mga pattern ng pagpapalipat-lipat ng lugar ng mga tao (at hayop) sa buong daigdig.

Ngayon higit pa kailanman, ang mga ugnayan sa pagitan ng **pandaigdigang kalusugan** at domestikong kalusugan pati na rin ng mga prinsipyo ng **One Health** ay nagpapaalala sa atin kung bakit mas mahalaga ngayon kaysa noon na maunawaan ang pinagkapareho ng mga tao, hayop, at kapaligiran. Kasabay nito, magalang tayong matututo mula sa ibang tao sa ating estado, bansa, o sa iba't ibang panig ng daigdig.

Kinikilala namin na kasalukuyan nating nilalampasan ang panahong marahil ay siyang pinakamahirap at pinakamahalaga sa kasaysayan ng ating bansa. Masyado nang mahaba ang panahon na nagkawatak-watak ang ating bansa. Ang tindi ng sitwasyong ito ay hindi pa nawawala sa kahit sino sa atin, at sadyang pangmatagalan ang epekto nito. Ang ating hiling ay sana, nang magkakasama, hindi lang tayo uusad, kundi magtatagumpay rin at **mababago natin ang ating sistema ng kalusugan sa Washington** at magiging modelo tayo para sa iba — kung saan sama-sama nating tutuparin ang pangarap na ang bawat isa sa Washington ay may oportunidad na makapamuhay sa pinakamabuting paraan. Simula pa lang ng trabaho ngunit minamarkahan ng pagkakataong ito ang ating pagsisimula sa ganitong daan.

Salamat sa pakikipagtulungan sa amin sa tunguhing ito — sama-sama nating magagawa ang pagbabago.





PRIYORIDAD I. KALUSUGAN AT KABUTIHAN

BISYON

Ang lahat ng Washingtonian ay may oportunidad na makamit ang kanilang ganap na potensiyal sa kalusugang pisikal, mental, at sosyal, at sa mabuting kapakanan.

PANININDIGAN

Pamumunuan namin ang mga inisyatibang sumusuporta at nagsusulong sa mga simulaing pagsisikap sa pag-iwas sa sakit upang maitaguyod ang pinakamabuting kalusugang pisikal, mental, at kaugnay ng pag-uugali, espirituwal, katatagan, at pangkalahatang kapakanan kung saan magtatagumpay ang mga indibiduwal, pamilya, at komunidad. Kinikilala ng aming mga aksiyon na kailangang tugunan ang mga salik na panlipunan, pang-istruktura, at pang-ekonomiya na nakakaapekto sa kalusugan, upang makamit ang tunay na pagkakapantay-pantay sa kalusugan at ang pinakamabuting kalusugan para sa lahat.

MGA PANGUNAHING ESTRATEHIYA

1. **Magsulong** ng malawak na hanay ng mga inisyatibang sumusuporta sa mga pag-uugali at pagkilos na para sa kalusugan at kabutihan, na kaugnay ng pisikal na aktibidad, kalusugang pangnutrisyon, mental, at kaugnay ng pag-uugali, emosyonal, espirituwal, at pangmalawakan at pangkalahatang kalusugan, upang maisulong ang kalusugan ng indibiduwal at komunidad sa buong Washington.
2. **Suportahan** ang mga inisyatibang galing at batay sa komunidad na maagang nakakatugon sa mga kondisyon, kasama na ang malulubhang karanasan sa panahon ng pagkabata, at hanggang sa pagtanda, upang mapabuti ang kalusugan at kapakanan nang mas pangmatagalan.
3. **Magsulong** ng mga tuloy-tuloy na estratehiya sa pag-iwas at pagbawas sa kapahamakan na nakakatugon sa mga karaniwang salik ng panganib at proteksiyon na kaugnay ng mga pinsala, pati na rin ang pag-inom ng alak, paggamit ng tabako, marijuana, opioids, at iba pang droga at mga kaugnay na pag-uugali.
4. **Palahukin** ang mga kaakibat at taong may naisabuhay nang karanasan, at gumamit ng mga estratehiyang pangmaraming sektor upang matugunan ang mga simulaing salik na nakakapag-ambag sa epekto sa mga pangunahing alalahanin sa kalusugan gaya ng malubhang pagkakasakit, pagkalulong, pagkapinsala, at iba pang katulad ng mga ito.
5. **Gamitin** ang mga datos at estratehiya sa pagkakasakit at pagkamatay upang magsilbing batayan ng mga programa at rekomendasyon sa patakarang naaksiyunan, na tutugon sa kawalan ng balanse sa mga resulta sa kalusugan.
6. **Magtalaga** ng maaagap na estratehiya sa pakikipag-ugnayan at pagsulong ng kalusugan na nagtataguyod sa mental at pisikal na kalusugan at kabutihan habang nilalaban ang stigma sa paghahanap ng pangangalaga.

PAG-UNLAD MGA UMUUNLAD NA KOMUNIDAD





PRIYORIDAD II. PAGBABAGO SA MGA SISTEMA AT LAKAS-PAGGAWA PARA SA KALUSUGAN

BISYON

Ang lahat ng Washingtonian ay napaglilingkuran nang mabuti ng isang ecosystem ng kalusugan na matatag at nakakatugon, habang isinusulong ang pagiging matapat, patas, at mapagkakatiwalaan.

PANININDIGAN

laayon namin ang mga kasanayan, resource, at pakikipagtulungan upang tiyaking ang aming mga sistema at imprastraktura sa kalusugan ay nasusukat, nakakatugon, at modernisado upang makapagsulong ng mga pamamaraang nakabatay sa datos at makabago para sa pagpapabuti ng kalusugan. Bubuuin at babaguhin namin ang aming mga sistema para maging accessible at makatugon sa mga Washingtonian maging sino man sila o saan man sila nakatira.

PAGSASAMODERNO ACCESS SA DATOS



MGA PANGUNAHING ESTRATEHIYA

1. **Mamuhunan at sumuporta** sa mga secure at makabagong teknolohiya sa impormasyon at suporta sa imprastraktura sa kalusugan na magbibigay-daan sa mga kaakibat na makagamit at makipagpalitan ng impormasyong tutugon sa pangkalahatang kalusugan ng tao sa paraang may paggalang sa kultura at wika.
2. **Tiyakin** na ang aming mga kaakibat sa pampublikong kalusugan, pangangalagang pangkalusugan, at komunidad at ang lakas-paggawa ng mga ito ay may mga suporta para sa datos, teknolohiya, at sistema na kailangan nila upang makabuo at makagamit ng mga ugnayan sa mga inisyatiba sa kalusugan, lipunan, at komunidad.
3. **Itaguyod** ang pangangalap, pagpapaunlad, at pagpapanatili ng matibay, may kakayahan, iba-iba at panlahatang lakas-paggawa sa kalusugan na pang-estado, lokal, at Pangtribo, at paunlarin ang mga patakaran at pagsisikap na sumusuporta, namumuhunan, at nagpapaiba-iba sa lakas-paggawa ng sistema ng kalusugan.
4. **Pagtibayin** ang paraan ng pagkolekta, pagsusuri, at pamamahagi ng nasa oras, nagagamit, at naaaksiyunang datos ng kalusugan, na ginagabayan ng mga priyoridad ng komunidad, upang magamit na batayan ng mas mahuhusay na interbensiyon at inisyatibang pangkomunidad na magpapabuti sa kalusugan ng indibiduwal at populasyon.
5. **Gumawa** ng matatag na kakayahan at sistema ng pagbabahagi ng datos kasama ng mga lokal na hurisdiksiyon sa kalusugan, mga Tribong iginagalang ang soberanya ng datos na Pangtribo, at iba pang stakeholder na sumusuporta sa mas mahusay na pagtukoy, pag-unawa, at pagtugon sa pasanin ng hindi pagkakapantay-pantay kaugnay ng pagkakasakit at kalusugan.
6. **Mamuhunan sa at mapakinabangan** ang mga dati nang binuong kasangkapan, teknolohiya, at estratehiya, kasama na ang mga bagong ginamit sa panahon ng pandemya ng COVID-19 gaya ng mga interactive na dashboard, paraan ng pakikipag-ugnayan, at geospatial na pagmamapa upang matulungan ang mga indibiduwal, komunidad, sistema ng kalusugan, at tagagawa ng patakaran, para makapagpasya para sa pagsulong ng kalusugan nang batay sa datos.





PRIYORIDAD III. KALUSUGANG PANGKAPALIGIRAN

BISYON

Ang lahat ng Washingtonian ay magtatagumpay sa malawak na hanay ng maaayos na kapaligiran — likas, itinayo, at panlipunan.

PANININDIGAN

Pamumunuan namin ang mga malawakang pagsisikap na tugunan ang mga panlabas na salik na nakakaapekto sa kalusugan, kaligtasan, at kapakanan, kilalanin ang pinagkapareho ng mga tao, hayop, at kapaligiran, at isama ang mga prinsipyo ng katarungang pangkapaligiran at pinagsasaluhang tungkulin para sa kalusugan ng komunidad.

MGA PANGUNAHING ESTRATEHIYA

1. **Suportahan** ang mga sistema at patakarang nagsusulong sa pinakamabuting kalusugan ng indibiduwal at komunidad sa pamamagitan ng pamumuhunan sa maaagap na pagsisikap na magtaguyod ng malawak na hanay ng maaayos na kapaligiran at ugnayan kung saan nakatira, nag-aaral, nagtatrabaho, sumasamba, at naglalaro ang mga tao.
2. **Tiyakin** na kasama ang mga prinsipyo ng katarungang pangkapaligiran sa aming mga patakarang, pagpapalano, at programa nang may layuning bawasan ang hindi pagkakapantay-pantay sa kalusugan at isulong ang kapakanan ng komunidad.
3. **Magsama** ng mga pamamaraang batay sa datos at estratehiya, kagamitan, at kakayahan sa pakikilahok sa komunidad, sa mga pagsisikap para sa pampublikong kalusugan at plano ng pagtugon na nakatuon sa pagbuo ng katatagan laban sa mga epekto sa kalusugan at lipunan ng pagbabago ng klima at iba pang hamong pangkapaligiran.
4. **Tiyakin** na ang mga komunidad na posibleng tamaan ng pinakamalalang epekto sa kalusugan na kaugnay ng klima at kapaligiran ay may mga resource at suporta para makapagtaguyod ng matatatag na komunidad na nagsusulong ng tunay na mabuting kalusugan at kapakanan.
5. **Suportahan** ang mga inisyatibang nagsusulong ng ligtas at aktibong pamumuhay, pag-commute, at paglilibang, nakakabawas sa mga emisyon ng greenhouse gas, at nagpapatibay ng samahan sa komunidad.
6. **Ipaalam at isulong** ang mga benepisyo sa kalusugan ng pagbabago at interbensiyon kaugnay ng pag-uugali na nagpoprotekta sa ating kapaligiran, habang tinitiyak na may patas na access sa mga oportunidad sa kalusugan sa pamamagitan ng matitibay na sistema ng datos at pagbabahagi ng impormasyon.

PAGTIYAK SA KATARUNGANG PANGKAPALIGIRAN





PRIYORIDAD IV. PAGTUGON SA EMERGENCY AT KATATAGAN

BISYON

Ang lahat ng komunidad ng Washington ay may mga impormasyon at resource na kailangan nila upang maging matatag sa harap ng maraming banta sa pampublikong kalusugan at nasa tamang lugar para makapaghanda, makatugon, at makabangon mula sa mga emergency at likas na sakuna.

PANININDIGAN

Pangangasiwaan namin ang aming pagtugon sa mga banta at emergency sa kalusugan sa paraang maagap, mabisa, at patas na magtitiyak na may matibay na pagtugon, susuporta sa mga sistema ng kalusugan, gagamit ng mga solusyong pangkomunidad, magsusulong ng pagtutulungan ng iba't ibang sektor, at magtataguyod ng seguridad sa kalusugan. Gagamitin ng aming mga pagsisikap ang kaalaman mula sa mga nakaraang emergency at aktibidad ng pagtugon sa loob at labas ng Washington upang makabuo ng matatag na komunidad.

PAGTAGUYOD NG KATATAGAN



MGA PANGUNAHING ESTRATEHIYA

1. **Tumugon** nang may lakas at walang pag-aalinlangan sa ngalan ng mga Washingtonian at ng mga komunidad kung saan sila nakatira upang mapaliit ang epekto sa mga tao at buhay, panatilihin ang mga kailangang kakayahan sa pagtugon, at itaguyod ang mga proteksiyon bago, sa panahon ng, at pagkatapos ng malawak na hanay ng mga banta at emergency sa pampublikong kalusugan.
2. **Makipagtulungan** sa maraming organisasyong galing sa komunidad, kaakibat sa pagtugon at pagbangon mula sa sakuna, at kaakibat sa iba-ibang ahensiya upang mabuo, maibahagi, at maaksiyunan ang mga pangunahing impormasyon sa mga paraang angkop sa kultura at wika, na may kinalaman sa mga panganib at emergency.
3. **Mangalap, magpaunlad, magsanay, at magpanatili** ng matatag at mahusay na lakas-paggawang handang tumugon sa emergency, at magsimula ng mga inisyatiba sa pagpapalano na susuporta sa mga tagatugong tauhan para sa mga pagsisikap sa pagtugon at pagbangon mula sa sakuna, nang isinasama ang mahuhusay na modelo at makabagong imprastruktura mula sa malawak na hanay ng emergency kasama na ang pandemya ng COVID-19.
4. **Maghanap** ng mga oportunidad sa pangangalap ng pondong flexible at tumatagal na magagamit para mamuhunan sa mga aktibidad na susuporta sa matitibay na aksiyon, lakas-paggawa, at kasangkapan para sa pagtugon, at sa mga komunidad na pinaglilingkuran namin, at makakapaglaan ng resource na maitatalaga nang patas.
5. **Suportahan at bigyang-priyoridad** ang mga solusyong binuo ng komunidad upang mapangasiwaan ang mga hadlang para makamit ang mabubuting resulta, malampasan ang sitwasyon, at manatiling matatag ang mga komunidad lalo na ang mga lubos na nanganganib, sa tulong ng malawak na hanay ng mga inisyatiba sa pakikilahok at pagtugon sa komunidad.
6. **Tiyakin** na ang mga pagsisikap sa pagpapalano at pagpapatupad ng pagsulong sa katatagan at kalusugan kaugnay ng pag-uugali ay mga pangunahing bahagi ng mga aktibidad sa pagtugon sa kasalukuyan at sa hinaharap, na maglilingkod sa mga miyembro, kaakibat, at tagatugon mula sa komunidad.





BISYON

Ang lahat ng Washingtonian ay nakatira sa mga magkakaugnay na kapaligirang kumikilala at nakikinabang sa pinagkapareho ng pandaigdigang domestikong kalusugan pati na rin sa mga ugnayan ng mga tao, hayop, at kapaligiran.

PANININDIGAN

Pamumunuan namin ang pagpapaunlad at pagpapatupad sa malilikhaing solusyon para mapabuti ang kalusugan at kapakanan ng mga Washingtonian, na magbibigay-diin sa ugnayan ng malakas na ecosystem ng kalusugan na may dalawang direksiyon na pandaigdigang at domestikong. Bibigyang-diin din nito ang kahalagahan ng pagkilala ng One Health sa mga ugnayan ng kalusugan ng tao habang nahahalo ito sa kalusugan ng mga hayop at kapaligiran.

MGA PANGUNAHING ESTRATEHIYA

1. **Isama** ang pinakamahuhusay na kasanayan mula sa iba pang lugar para itaguyod ang kalusugan at kapakanan ng mga Washingtonian at ng mga komunidad kung saan sila nakatira sa tulong ng mga pamamaraang may dalawang direksiyon para sa pagtataguyod ng mga pagtutulongan, pangunahing estratehiya sa pagpapalano, at mga pagsisikap sa pakikipag-ugnayan.
2. **Gamitin** ang pinagsamang lakas at husay ng mga kasalukuyan at bagong stakeholder at institusyon ng pandaigdigang kalusugan at One Health sa loob (at labas) ng estado ng Washington upang makalahok sa at masuportahan ang matitibay at magkakaugnay na network sa pagbabahagi ng impormasyon, pagbuo ng estratehiya, at pakikilahok.
3. **Maghanap** ng mga oportunidad para makakalap ng resource at pondo pati na rin ng pakikipagtulungan upang mapahusay ang mga kasanayan sa iba't ibang sistema ng kalusugan para matiyak na mayroong pandaigdigang komunidad ng mga kaakibat na partikular na nakatuon sa mga oportunidad para sa pagtuturo at pagsasanay, pagpapahusay ng sistema at teknolohiya, at mga paraan ng pakikilahok upang matugunan ang mga domestikong isyu sa pamamagitan ng mga pandaigdigang kaalaman sa kalusugan.
4. **Itaguyod** ang mga impormasyon at inisyatibang may paggalang sa oras, kultura, at wika, sa pakikipagtulungan sa mga provider at komunidad ng sistema ng kalusugan, upang masuportahan ang kalusugan at kapakanan ng mga komunidad ng refugee, imigrante, at migrante sa buong Washington.
5. **Bigyang-diin** ang mga kumplikadong ugnayan ng kalusugan ng tao, hayop, at kapaligiran sa aming mga aktibidad sa pagsulong ng kalusugan, at palawakin ang aming kapasidad na iwasan, tukuyin, at tugunan ang mga pandaigdigang banta sa pampublikong kalusugan na may epekto sa domestikong kalusugan, nakakahawang sakit man ito o hindi.
6. **Lawakan at suportahan** ang aming mahalagang tungkulin sa mga relasyon sa pagitan ng dalawang bansa at pakikipag-ugnayan sa mga kaakibat sa kalusugan at iba pang pangunahing entidad sa Canada at sa iba pang lugar, upang maitaguyod ang pagbabahagi ng impormasyon, kaalaman sa mga sistema ng kalusugan, at pagpapaunlad ng estratehiya.

PAGGAMIT SA HUSAY NG BUONG DAIGDIG



WASHINGTON STATE DEPARTMENT OF HEALTH
MGA PANGUNAHING PAGBABAGO

PAG-IISIP TUNGKOL SA IBA

Bumubuo kami ng pang-organisasyong kultura kung saan nakikita namin ang iba bilang mahahalagang tao, at nakatuon kami sa pagkamit sa mga layunin ng ahensiya sa mga paraang nakakatulong sa aming mga empleyado, kaakibat, at customer na makamit din ang kanilang mga layunin.

MGA NAKAAYONG RESOURCE

Ginagamit namin ang mga priyoridad ng aming ahensiya bilang batayan kung paano namin pinapalago, pinapangasiwaan, at ipinupuhunan ang aming pondo sa pinakamabisang paraan.

MAKABAGONG ORGANISASYON

Tinitiyak namin na nasusuportahan ng aming mga pagpapasyang batay sa estratehiya at ng aming kapaligiran sa trabaho ang pagsubok at pagpapatibay ng mga bagong pamamaraan upang matugunan ang mga hamon sa kasalukuyan at mga pangangailangan sa kalusugan sa hinaharap.

LAKAS-PAGGAWA NA NAKASENTRONG SA PAGKAKAPANTAY-PANTAY

Naninindigan kami sa paggawa ng lugar ng trabaho na para sa iba't ibang tao at panlahatan, habang inilalagay sa sentro ang mga komunidad na lubhang apektado ng sistemiko at pangkulturang paninikil kaugnay ng mga pagpapasya at tinitiyak na may patas na access sa mga serbisyo, oportunidad, at impormasyon.



KULTURA



PONDO



INOBYASYON



PAGKAKAPANTAY-PANTAY

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Kristin Peterson, JD | Chief of Policy (Pinuno ng Patakaran)
kristin.peterson@doh.wa.gov | 360-507-4367

